Illinois Science Assessment

**[Pangalan Apelyido]**

Petsa ng Kapanganakan: XX/XX/XXXX ID : XXXXXXXXXX

Baitang X
Distrito X
Paaralan X

# Ulat sa Pagtatasa sa Agham

TAGSIBOL 20XX

Sinusuri ng Illinois Science Assessment (ISA) kung gaano kahusay natututunan ng inyong estudyante ang mga kasanayan at kaalamang inaasahan para sa kanyang baitang sa agham. Ang mga inaasahang ito ay tinatawag na Illinois Learning Standards. Maaari ninyong makita ang mga pamantayan dito: **https://www.isbe.net/Pages/Science-Standards.aspx**.

| | |
|---|---|
| **Score ni PANGALAN**<br>**859** | **Higit pang Mahusay**<br>Ang estudyante ay nagpakita ng malakas na pag-unawa sa pagtatasang ito at maaaring ilapat ang natutunan sa asignaturang ito. Ang pagganap na ito ay patunay na handang-handa ang estudyante at nakatakdang matugunan ang mga inaasahan sa pag-aaral sa susunod na baitang. |




Ang margin of error ay nagsasabi sa amin na kung kukunin ng inyong estudyante ang eksaktong pagsusulit bukas, ang kanyang score ay maaaring ilang puntos ang taas o baba—hindi dahil may natutunan siyang bago o may mga bagay na nakalimutan, ngunit dahil maaari lamang tantiyahin ng mga pagsusulit kung ano ang nalalaman ng isang tao. Isipin it bilang saklaw

| | |
|---|---|
| Average sa Estado | **738** |
| Average sa Distrito | **719** |
| Average sa Paaralan | **722** |

Upang mapanood ang personal na video tungkol sa mga resulta ni PANGALAN at upang matutunan pa ang tungkol sa pagtatasa, gamitin ang QR code na ipinapakita sa kanan, o bumisita sa **familyportal.pearson.com/il**.

Para sa ibang format ng ISR ng inyong estudyante, makipag-ugnayan sa ISBE sa assessment@isbe.net.

## MAS MASUSING PAG-UNAWA SA TATLONG LARANGAN NG KAHANDAAN SA AGHAM

Ang kabuuang score sa agham sa unang pahina ay nagpapakita kung paano gumanap ang inyong estudyante sa Pagtatasa sa Agham ng Illinois sa kabuuan. Ang mga score sa tatlong larangan sa ibaba ay nagpapakita ng pagganap sa mga pangunahing larangan ng Life Science, Physical Science, at Earth/Space Science.

Ang kabuuang score at mga score sa larangan ay iniuulat sa iba’t ibang eskala ng score, kaya hindi magtutugma ang mga numero—at iyon ay inaasahan. Ang kabuuang score ay gumagamit ng eskalang 700–900, habang ang score ng bawat domain ay gumagamit ng eskalang 300–500. Dahil sinusukat ng mga score na ito ang iba’t ibang aspeto ng pag-aaral ng agham, ang kabuuang score at ang score ng mga domain ay hindi dapat paghambingin.

Ang lahat score sa tatlong larangan ay gumagamit ng parehong eskala ng 300–500, ngunit sinusukat sa bawat larangan ang iba’t ibang mga kasanayan at nilalaman, kaya ang mga score sa larangan ay hindi rin dapat maihambing sa bawat isa.

Kasama sa larangan ang ranggo ng percentile, na nagpapakita kung paano naihahambing ang pagganap ng inyong estudyante sa iba pang mga estudyante sa Illinois sa larangan ng asignaturang iyon. Halimbawa, ang percentile na 60 ay nangangahulugan na ang inyong estudyante ay nagka-score ng kasinggaling o mas magaling sa 60% ng mga estudyante sa buong estado. Ipinapakita sa mga ranggo ng percentile ang kaukulang katayuan para sa bawat larangan at hindi dapat mai-average.

Sama-sama ang kabuuang score sa agham at mga resulta ng larangan ay nagbibigay ng mas malinaw na paglalarawan sa pag-aaral sa agham ng inyong estudyante.

| **Asignatura** Paglalarawan | ▼ Score ng Estudyante sa Larangan / △ Mean ng Score sa Estado | **Percentile Rank ng Estudyante** |
| --- | --- | --- |
| **Life** Ipapakita ng mga estudyante ang pag-unawa sa mga molecule hanggang sa mga organism, ecosystem, heredity, at biological evolution. |  | **52** |
| **Lupa/Kalawakan** Ipapakita ng mga estudyante ang pag-unawa sa lugar ng Mundo sa kalawakan. Mga sistema ng mundo, at mundo at aktibidad ng tao. |  | **63** |
| **Physical** Ipinapakita ng mga estudyante ang pang-unawa sa matter, motion at stability, energy, at waves. |  | **40** |







## Ang Inyong mga Susunod na Hakbang

### Mga Katanungan para sa (mga) Guro ng Inyong Estudyante

- Ano ang matututunan ng aking estudyante sa Agham sa taong ito?
- Kumusta ang pagganap ng aking estudyante pagdating sa mga inaasahan sa antas ng baitang?
- Paano ko magagamit ang impormasyong ito upang suportahan ang aking estudyante?
- Anong mga mapagkukunan ang inirerekomenda ninyo para sa aking estudyante?

### Mga Mapagkukunan para sa Inyo at sa Inyong Estudyante

- Hanapin ang mga mapagkukunan sa pag-uulat ng pamilya sa **https://il.mypearsonsupport.com/family-portal/**.
- Alamin pa ang tungkol sa pagganap ng mga kasabayan ng inyong estudyante sa **illinoisreportcard.com**.
- Upang matutunan pa ang tungkol sa pagtatasang IAR, bumisita sa **isbe.net/iar**.